1

Inilibot ni Ayessa ang kanyang paningin sa mga taong naghihintay sa arrival airport ng *NAIA 1* kung saan lumapag ang eroplanong sinakyan niya galing New York. Hinanap ng mga mata niya ang isang pamilyar na mukhang susundo sa kanya.

"Ayessa, over here!" malakas na sigaw ng isang tinig.

She followed where the sound came from. At nakita niyang tumatalon habang kumakaway ang best friend niyang si Mia. Malawak ang ngiti nito. A tall, handsome man stood next to her. Maluwang din ang ngiti nito habang nakatitig sa kanya. Si Aidan. Kapatid ito ng kaibigan niya, ngunit nagtaka siya kung bakit kasama ito sa pagsundo sa kanya. Minsan niya itong nakilala sa New York noong namasyal ito roon at ipinakilala ni Mia sa kanya.

"God, I can't believe you're here!" tili nitong yumakap sa kanya.

Natatawa namang binitawan niya ang suitcase at sinalubong ng yakap ang kanyang best friend. God, na-miss niya si Mia. Anim na buwan na ang nagdaan

nang magdesisyon itong umuwi ng Pilipinas at dito na manirahan. Nalungkot siya nang magpaalam ang babae, ngunit naintindihan niya ito. Nakatira sa Pilipinas ang pamilya ng dalaga at natural lamang na gugustuhin nitong makasama ang mga mahal sa buhay. But she was lonely after Mia left.

"Ayessa, do you remember my brother, Aidan?" tanong nito matapos bumitaw sa kanya. Hinila nito palapit ang kapatid. "Nakilala mo na siya dati sa New York."

"Of course," mabilis niyang sagot. Na tila naman madaling makalimutan ang isang Aidan Salvador.

He's gorgeous and sexy as sin. Kahit sinong babae kapag nakilala ang binata ay hindi ito madaling malilimutan. The first time she met him, para siyang tangang natulala sa kaguwapuhan nito bago nakuhang abutin ang nakalahad nitong kamay. Mas lalong nadagdagan ang pagkapahiya niya nang makita ang amused na ngiti nito.

It was embarrassing how she reacted then. Lalo na ang ginawa niyang pagsunud-sunod ng tingin noon sa binata. She was attracted to him. And she was always aware of him. In the few days na pananatili nito sa New York, tila naging habit na ni Ayessa na panoorin ang lalaki, sa mga kilos at pagsasalita nito.

And he was something to watch.

"Hi! It's nice to see you again." Inilahad niya ang kamay para makipagkamay sa lalaki. Agad naman nitong inabot iyon at binalot ng malaki at mainit nitong palad. Muntik na siyang mapasinghap dahil sa tila kuryenteng dumaloy sa palad niyang hawak nito. Bahagya nitong pinisil iyon bago pinakawalan.

"Hello, Ayessa. Welcome to the Philippines!" he said warmly. Pati mga mata nito ay nakangiti.

She blinked. Gosh, grabe pa rin ang tama niya sa lalaking ito!

"Thank you," kiming sagot niya. Agad niyang iniiwas ang kanyang mga mata para hindi matuliro ang isip niya. Man, this guy was dangerous to her sanity.

"Kuya, pakibitbit na 'yong bag ni Ayessa so we can go. Siguradong pagod siya sa biyahe at gusto nang magpahinga," ani Mia sa kapatid. Pinaglingkis nito ang mga braso nila at nagpatiuna nang naglakad. Nilingon niya ang lalaki habang kinukuha nito ang suitcase na nabitawan niya. "Guwapo talaga ng kuya ko, 'no?"

Marahas na napatingin si Ayessa sa kaibigan at nakita niya ang pilyang ngiti sa mga labi nito. Namula

ang mga pisngi niya. Akala niya ay walang nakapansin sa mga titig niya sa binata. Grabe, nakakahiya kung napansin iyon ng huli.

"Yes, he is. But you can stop your plotting right there, my friend. Hindi ako nagpunta rito para humanap ng boyfriend. Wala akong balak magkaroon n'on," she said in a firm voice. She saw the wheels turning in her friend's head, kaya inunahan na niya agad ito.

"Oh, c'mon, Ayie! Kailan ka pa magiging handang magkaroon ng nobyo? You're twenty-five, for Christ's sake! "

Nagkibit-balikat lang siya. Ilang beses na rin nilang napag-usapan ang bagay na ito.

"I have my career. Okay na sa akin iyon," aniya sa mababang tinig. Ayaw niyang marinig ng kapatid nito ang pinag-uusapan nila. Nakasunod lang kasi ang lalaki sa kanila habang papunta sa kinapaparadahan ng sasakyan nito.

Mia snorted. Dismay evident in her beautiful face. "Ayie, hindi ka yayakapin ng trabaho mo kung malungkot ka. Hindi ka puwedeng alagaan kapag may-sakit ka at higit sa lahat, hindi ka niya kayang mahalin. At huwag mong sabihing hindi mo kailangan

ng pagmamahal," sabi nito.

"At least, my career cannot disapppoint me," she pointed out. Tumigil siya nang huminto rin ang kaibigan sa tapat ng sasakyan ng mga ito.

"Friend, sa buhay ay kailangan mong sumugal, pero maganda naman ang magiging kapalit at iyon ay kaligayahan. Mas maigi na iyon kaysa hindi ka nga masaktan, eh, malungkot ka naman. Sugal lang iyan; hindi ka mananalo kung hindi ka tataya." Umiling ito and looked at her with sad eyes. Parang gustong bumigat ng dibdib ni Ayessa dahil sa tingin nito. But she fought the feeling. Hindi niya kailangan iyon.

"Ganito ba talaga ang paraan mo ng pagsalubong?"sabi na lang niya para mabago ang paksa. Ayaw niya ang pinag-uusapan nila. It brought up to many painful memories.

"Sorry, Ayie." Mia mumbled. "Diyan ka na maupo sa harap." Pumasok ito sa kotse at pumuwesto sa backseat. Sumunod naman siyang sumakay sa front passenger seat. "Excited na si Mommy na makita ka. So let's get you home so she can pamper and spoil you."

"I told you I have a reservation at *Pearl Hotel*." Inayos ni Ayessa ang bag sa kandungan niya. Ngumiti

siya kay Aidan nang lingunin siya nito.

"Kinansela ko ang reservation mo," medyo apologetic na sabi ng binata bago ito nagkibit-balikat. "My mom's order. At matututunan mo rin na mas madaling sumunod sa gusto ni Mommy kaysa makipag-argumento sa kanya."

Natawa si Mia dahil sa sinabi ng kapatid nito. "It's true, Ayie. Huwag mo na lang ipilit ang gusto mo kay Mommy kung ayaw mong mamuti lahat ng buhok mo. My mom is great in manipulating people."

"Oh, God!"

"Huwag kang mag-alala, masasanay ka rin," anito habang tinatapik ang tuhod niya na tila inaalo siya.

"Gutom ka na ba? Gusto mo bang magmerienda muna tayo bago umuwi?" tanong ni Aidan. Minamaniobra na nito ang sasakyan palabas ng parking lot.

"No, I'm not hungry but I'm really tired. I just want to go home." Ipinikit niya ang mga mata.

"Puwede kang umidlip kung gusto mo. Gigisingin ka na lang namin pag nasa bahay na tayo," he suggested. Nakatingin ito sa kanya at marahil ay

nabasa ang pagod sa mukha niya.

"Thanks," she said. Ni-recline niya ang upuan at umayos ng upo. She really needed a nap. Makabawi man lang ng kaunting enerhiya.

Paminsan-minsang sinusulyapan ni Aidan si Ayessa habang nagmamaneho siya pauwi. She still looked the same. Mas gumanda pa nga ito. Napangiti siya habang tinitingnan itong natutulog. Her face relaxed.

"Kuya, baka isipin ng iba na nasisiraan ka na diyan. Kanina ka pa pangiti-ngiti." Dumukwang si Mia sa pagitan ng mga upuan sa harap ng kotse at tiningnan siya sa mukha.

"Bumalik ka nga sa upuan mo at magsuot ka ng seatbelt," utos niya. "At huwag kang maingay baka magising ang kaibigan mo."

"Oh, please, I'm not five, okay?" Humalukipkip ito ngunit bumalik din sa upuan. "So, gusto mo siya," sabi nito, nakataas ang kilay habang nakatingin sa salamin ng kotse.

"Gusto ko na siya noong unang kita ko pa lang sa kanya," amin niya. Besides, Mia was his sister. At

kung mayroon mang makakatulong sa kanya, ang kapatid iyon. "And I still feel the same."

"Good. Sa tingin ko'y ikaw ang lalaking nababagay sa kanya. At hindi ko sinasabi ito kasi kaibigan ko siya at kapatid kita," mabilis na sabi nito nang magtaas siya ng kilay. "Kailangan niya ng mabuting lalaki."

Kumunot ang noo niya. He could hear pain in his sister's voice.

"Ano'ng ibig mong sabihin?"

"Ayessa's childhood was pretty hard, Kuya. Pero wala akong karapatang ikuwento sa 'yo ang buhay niya. Kung gusto mong malaman, siya ang tanungin mo. Pero kailangang kunin mo muna ang pagtitiwala niya. Hindi kasi siya basta-basta nagtitiwala," makahulugang wika ng babae. She slightly bent forward to look at Ayessa's sleeping form with a tender expression on her face.

Tiningnan ni Aidan ang natutulog na dalaga. Hindi niya maisip kung anong klaseng kabataan mayroon ito. But he knew that she's a wonderful person. Patunay lamang kung gaano ito kamahal ng kapatid niya.

"Sa tingin mo ba matututunan din niya 'kong pagkatiwalaan?"

Saglit na natahimik si Mia, tinitimbang ang sagot sa tanong niya.

"I don't know, Kuya," matapat nitong sagot kapagdaka. "Kilala ko si Ayessa at mabibilang lamang ang mga taong pinagkakatiwalaan niya. And even that, hindi mo masasabing buo iyon. It's like there's this line you can't cross. A defense you can't breach."

"Kung gan'on, pa'no ko siya paiibigin?"

"Mahal mo ba siya?" tanong ni Mia.

"Hindi siya nawala sa isip ko nitong nakaraang taon. Kahit pa sabihing ilang araw ko lang siyang nakasama. And I know that she was my measuring stick pagdating sa mga babaeng nakakasalamuha ko. And that all of them are falling short compared to Ayessa," he confessed.

"Jeez! You got it bad, my brother." Tinapik nito ang balikat niya.

"You think?" sarkastiko niyang tanong.

Tumawa ito bago biglang natahimik. "Siguro ang magagawa mo na lang ay ipakita sa kanyang mabuti kang tao. Earn her trust slowly. At may advantage ka, Kuya. Alam kong naguguwapuhan sa 'yo si Ayessa. Maybe you can work on that. At gagawa ako ng

paraan para mapag-isa kayong dalawa."

"Nasabi ko na ba sa 'yo kung gaano kita kamahal?" Maluwang ang ngiting ipinukol niya sa kapatid.

She snorted. He laughed. "Kuya, hindi ko masisigurong mahuhulog ang loob sa 'yo ni Ayessa."

"Alam ko pero kailangan kong subukan. Iyon lang naman ang puwede kong gawin," sabi niya." At nagpapasalamat ako sa tulong mo."

"Alam ko."

Muling sinulyapan ni Aidan ang dalagang nahihimbing. And he couldn't help but admire her courage. To grow up as strong as she was after what she had been through. Hindi niya alam kung gaano kalaking tiwala sa sarili ang kinailangan nito para malagpasan ang pangit na nakaraan nito. And according to Mia, it was really bad.

And yet remnant of the past lingered within her. Her difficulty in letting other people get close to her was a proof.

"I wish I can make her demons go away," he said in an achingly sweet voice.

"Ako din, Kuya," segunda ni Mia. "At, Kuya, kung maramdaman ni Ayessa na masyado ka nang

napapalapit sa kanya, susubukan niyang itulak ka palayo. Lalabanan ka niya. And she's strong, Kuya. Lalo na kung puso ang pinag-uusapan, takot niya ang mag-uudyok sa kanya na itulak ka palayo."

"Alam ko, pero handa akong maghintay, Mia, hanggang sa maging handa na siya," pangako niya.

2

"Hello, hija! It's so good to see you again," anang ina ni Mia na sumalubong agad sa kanilang tatlo.

"Hello, Tita. Kumusta po?" Yumakap at humalik si Ayessa sa matandang babae.

"Great. Halika sa loob. Naghihintay si Lily sa 'yo. Alam kong hindi na iyon makapaghintay ng pasalubong galing sa 'yo," nakatawang saad nito.

Natawa silang tatlo. Sumunod siya rito. Inilibot niya ang mga mata sa paligid. This was her first time coming here. At gusto niya ang nakikita. Their home looked cozy and warm. With its huge size, it's amazing that it still managed to make her feel welcome and comfortable.

"Ate Ayie! Hi! So nagustuhan mo ba ang bahay namin? Hintayin mo pag nakita mo ang kuwarto mo, siguradong magugustuhan mo. At magaling magluto si Mommy," ani Lily. Mabilis siyang niyakap nito at agad siyang hinila papunta kung saan.

"Lily!" sita ni Tita Elvi sa anak nito.

"Mom, ipapakita ko lang sa kanya ang silid niya,"

ungot nito.

"Later, kiddo. Bigyan mo naman ng time ang Ate Ayessa mo. And a conversation is meant to be two-sided, hindi iyong puro ikaw lang ang nagsasalita. Ni hindi mo siya binigyan ng chance na makasagot," sita ni Aidan.

"Whatever," balewalang tugon ni Lily bago siya muling binalingan. "Ate Ayie, gutom ka na ba? Nagluto si Mommy ng dinner, espesyal 'yon para sa 'yo," pagmamalaki nito.

"Hindi pa naman ako masyadong gutom. Maliligo muna ako pagkatapos kakain na tayo. How is that?" sabi ni Ayessa. Natutuwa siya sa dalagita sa pagiging madaldal at energetic nito.

"Okay. Kuya, pakiakyat na 'yang bag ni Ate para makaligo na siya," utos nito sa kapatid.

Natawa naman si Mia. "I think dapat line ko 'yon."

Natawa silang lahat.

"Hey! Hindi ko alam na gigising ka nang ganito kaaga. Nakatulog ka ba nang maayos kagabi?" tanong ni Aidan sa kanya.

Nakita siguro siya nitong nakaupo sa garden habang nagkakape kaya nilapitan siya. May dala rin itong sariling tasa ng kape. Inilapag nito iyon sa mesa at naupo sa kaibayong upuan niya. Mukhang kagigising lang nito. Gusot pa ang buhok at nakasuot lamang ng puting sando at cotton shorts. He looked good. Gorgeous. Litaw kasi ang matipuno nitong katawan sa suot nitong sando. At hindi niya napigilan ang paglakbay ng mga mata sa kabuuan ng binata. Para sa kanya, eksakto lamang ang laki ng katawan nito. Ayaw kasi niya sa mga lalaking namimintog at halos pumutok na ang ugat sa laki ng katawan.

Nang mapagtanto ni Ayessa ang ginagawang pagtitig dito, bigla siyang nagbaba ng paningin. Her face flushed with embarrassment. Sana lang ay hindi iyon nakita ni Aidan.

Wait, ano nga ba ang sinabi nito bago siya na-distract? Oh, sleep. Right.

Tumukhim muna siya bago sumagot. "I slept early last night and woke early this morning. Jet lag, I guess. Saka naninibago ako sa oras. Ikaw, bakit ang aga mong nagising?"

"Ganitong oras talaga ako nagigising. Minsan mas maaga pa. Nag-jo-jogging kasi ako tuwing umaga."

Yeah, she could see that. Sa ganda ba naman ng katawan nito. Oh, man, this is bad. Bakit ba lagi na lang katawan ni Aidan ang napapansin niya ngayong umaga? Nang marinig niyang nagsasalita pa rin ito at wala siyang narinig kahit isa.

"Sorry... pakiulit, please?" hiling niya, feeling like an idiot. Kung saan-saan kasi naglalakbay ang utak niya.

"S'abi ko, kung gusto mong sumama sa 'king mag-jogging. Dito lang naman sa palibot ng subdivision."

"Mababagalan ka lang sa akin," sabi niya. Humigop siya ng kape para magkaroon ng ibang trabaho ang mga mata niya kaysa tumitig lang kay Aidan.

"Ayos lang sasabayan pa rin kita." Humigop din ito ng kape na ang mga mata ay nakatutok sa kanya.

Okay, this was going really awkward. Hindi niya matagalan ang malalim na titig ng binata. Para siyang sinisilihan sa puwet, hindi niya mawari kung ano ang nararamdaman.

"Sige, magpapalit lang ako." Inubos ni Ayessa ang kanyang kape. Binitbit ang cup and saucer at mabilis na iniwan si Aidan. Ngunit ramdam niyang nakatutok pa rin sa kanya ang mga mata nito. Pinigil

niya ang sariling lumingon. Baka mamaya guniguni lang pala niya, mas lalo siyang magmumukhang tanga.

An hour later, natagpuan niya ang sariling nakayuko sa gilid ng daan, habol ang hininga. God, masyado niyang pinuwersa ang sarili para matapatan ang bilis ni Aidan, mabilis tuloy siyang napagod. At halos higupin niya ang lahat ng hangin sa paligid mabusog lang ang mga baga niya.

"Ayos ka lang?" tanong ni Aidan. Nakatayo ito sa tabi niya at nag-aalalang nakatingin sa kanya.

"Oo," hinihingal na sagot niya. Nang sulyapan ni Ayessa ang binata ay nakita niyang cool na cool lang itong nakatayo roon samantalang siya, hitsurang nakipag-marathon nang ilang kilometro. Ang kasama niya ay hindi pa masyadong pinagpawisan at hindi lawit ang dila. God, she's pathetic!

"Mukhang nabigla ang katawan mo. Maybe it's better if we just walk home. Sa susunod na lang tayo tumakbo para hindi mabigla ang katawan mo."

"Hindi, ayos lang ako," giit niya.

"Ayessa, hindi mo na kaya. Saka kung ako ang inaalala mo, ayos lang ako. Just catch your breath and we're going to walk. Kailangan na din nating umuwi,

I'm sure naghihintay na sila sa atin para sabay-sabay tayong mag-breakfast," sagot nito.

"Oh!" she said. Saglit siyang nanahimik pagkatapos ay bigla na lang lumabas sa bibig niya ang sumunod na mga kataga. "Hindi ko talaga gustong sinasabihan ako kung ano ang dapat kong gawin."

"I'm sorry. Suhestyon lang naman," malumanay ang tonong saad nito.

Namaywang si Aidan at nag-iwas ng paningin. But Ayessa saw the flush on his face, na tila napahiya ito sa sinabi niya. She felt ashamed of herself, nagmamalasakit lang naman ang lalaki ngunit heto siya at minasama agad iyon. In her defense, hindi siya sanay na pinagmamalasakitan. Lalo na ng mga taong hindi naman siya lubusang kilala.

"Sorry, I did not mean to offend you," mababa ang tinig na pumanhin niya.

Tumuwid siya at tumingin nang deretso sa mga mata nito. Tiningnan niya ang mga iyon kung galit sa kanya, pero pang-unawa ang nakita niya roon. Understanding so deep that Ayessa recoiled. Hindi niya gusto ang nakikita sa mga mata ng kausap. At hindi niya maintindihan kung bakit tila nabasa nito ang rason sa likod ng mga salita niya kanina lang.

"Ayos ka lang?" kunot-noong tanong ni Aidan. Itinaas nito ang isang kamay para hawakan siya pero umatras siya. Agad naman nitong ibinaba ang kamay nito. "Sorry. Hahawakan lang sana kita para hindi ka matumba."

"Ayos lang ako. Tara na?" aya na lang niya para mabago ang paksa ng usapan.

Hindi sumagot ang binata. Tumalikod ito at nagpatiuna nang lumakad. Sumunod naman siya rito. They walked in silence.

Ang binata ang bumasag ng katahimikan sa pagitan nila. "I'm sorry if I made you uncomfortable, Ayessa. I know you want some space. But I was just trying to help."

"I wasn't uncomfortable," deny niya.

"Yes, you were." He smiled at her, telling her that it was okay with him. Hindi ito na-offend sa kanya. "Bilisan na natin, nagugutom na ako."

She smiled. "You're cool, Aidan. Lagi kang ikinukuwento sa akin ni Mia noong nasa New York pa siya."

"I hope panay maganda ang kuwento niya tungkol sa akin," biro nito.

Natulala tuloy siya. Nang tumikhim ito ay saka lang siya natauhan. “It was all good. Kaya nga n’ung makilala na kita noong nagpunta ka sa New York, I was half-convinced that you’re a saint.”

He laughed delightedly. And she watched him with fascination.

“Nah, sigurado akong marami siyang hindi ikinuwento sa ’yo. Hindi ako santo. Pero gusto kong isipin na mabait akong kapatid.”

Ngumiti lang uli siya rito. Sigurado siyang mabait itong kapatid, but she didn’t know him that well. And sometimes, you have to be with a person for a long time bago mo makilala nang husto ang ugali nito. She knew that from experience.

“Hi! Nag-enjoy ba kayo?” salubong ni Mia sa kanya.

Nakaligo na at nakapagbihis si Ayessa nang muli siyang bumaba. Inabutan niyang nagkakape ang kanyang kaibigan sa komedor at naghahain ng agahan ang mga katulong.

“Oo. Masayang kasama ang kapatid mo.”

“Good. Sorry kung hindi ako maagang nagising. Paggising ko nakaalis na daw kayo. But I didn’t

worry. Kasama mo si Kuya at alam kong hindi ka niya pababayaan. He'll take good care of you."

Hindi niya alam kung paranoid lang siya o talagang doble ang kahulugan ng mga salita ng kausap. Wait, hindi naman siguro ito umaasang magkakatuluyan sila ng kuya nito, right?

"Good morning!" masayang bati ni Lily na papasok pa lang ng kusina. Naudlot tuloy ang pagtatanong niya. "May naamoy akong mabango. Wala pa ba sina Mommy at Daddy? Nagugutom na ako."

"Pababa na sila," sagot ni Mia sa kapatid. Nagpaliwanag naman ito sa kanya. "Nakaugalian na ng pamilya naming kumain nang sabay-sabay. Iyon na ang pinaka-bonding time namin. Lunch lang ang hindi kami nagsasabay kumain except Sunday kapag kompleto ang pamilya. Batas iyon ni Mommy at lahat ay sumusunod sa kanya."

Hindi alam ni Ayessa kung bakit bigla na lang may bumikig sa lalamunan niya. Hell, she's losing it. Nagmadali siyang nagpaalam at nagpunta ng banyo. Mabilis niyang isinara ang pinto at binuksan ang tubig para hindi marinig ang mahinang paghikbi niya.

Crap, pero ang makitang masaya ang pamilya Salvador ay nagpapabalik sa mga sakit na naranasan

niya. Ipinapaalala sa kanya ang mga pangarap niyang nawala at hindi na mararanasan pa.

"Ayessa?" Katok sa pinto ang gumambala sa kanya. "Are you okay?" Boses ni Aidan iyon at muli ay naroon ang pag-aalala sa tinig nito.

"I'm okay. Naghuhugas lang ako," she lied.

"Okay, pagkatapos mo sumunod ka na sa komedor. Ikaw na lang ang hinihintay doon."

She said yes. Naghilamos muna siya. She looked in the mirror at nakita niyang medyo namumula ang mga mata niya dahil sa pag-iyak. Wala na siyang magagawa roon, kaya naghugas na lang siya ng kamay at lumabas.

Bumati siya sa mga magulang ng kaibigan, but she kept her eyes down. Ayaw niyang makita ng mga ito ang mata niya.

"Mom, lalabas kami ngayong gabi. Ipapasyal ko si Ayessa. Sa labas na kami maghahapunan," narinig niyang paalam ni Mia sa ina nito.

"Gusto mo ng sinangag? Or do you want something else for breakfast?" agaw ni Aidan sa atensyon niya. Hawak nito ang serving plate ng kanin.

"No, this is fine. Thank you." God, she sounded

so polite but she couldn't help it. Tuwing ninenerbyos siya ay nagiging magalang siya lalo.

Aabutin na sana niya ang hawak nitong mangkok ng kanin, ngunit bahagya nitong inilayo iyon sa kanya. Ito na ang naglagay ng kanin sa pinggan niya. His simple gesture caused some uneasiness on her part. And then she caught Lily's teasing stare then pointedly looked at her parents. Sumunod ang mga mata niya and then saw that Tito Raymond was doing exactly the same thing with Tita Elvi. Umakyat ang dugo niya sa mukha.

Aidan was treating her like his woman!

"Ulam, ano'ng gusto mo?" tanong nito, unaware of her thoughts and unease. "Nasubukan mo na ba ang tinapang galunggong? Or you want scrambled egg?" he offered.

"No, I'll get it," she said in a panic.

Natigil ang lahat. At noon lang napansin ni Ayessa ang takot na kalakip ng tinig niya. At umaakto siyang tila baliw sa harap ng mga ito.

"I mean, ako na ang kukuha ng sarili kong pagkain. Hindi mo ako kailangang pagsilbihan," sabi niya sa pilit na pinakalmang tinig.

"Ayie, subukan mo 'yong tinapa. Masarap iyan, samahan mo nitong hiniwang kamatis," susog ni Mia. Magaan ang tono nito pero nananantya ang mga mata.

"Thanks." Kumuha siya ng isdang sinasabi nito at naglagay sa plato. Tahimik ang lahat at hindi alam ni Ayessa kung paano papalisin ang tensyon. And then Tito Raymond chuckled. Lahat sila ay napatingin dito.

"You have to excuse my son, Ayie. Kaming mga Salvador, alam namin kung paano tratuhin ang mga babae sa buhay namin."

She stiffened. "I'm not his woman."

"Alam ko," sagot nito, hindi nainsulto sa matalim niyang tono. "Ang ibig kong sabihin, pinalaki kaming gentleman ng mga nanay namin."

Napahiya ang dalaga. Alam niyang totoo ang sinabi nito, but her self-preservation was screaming in her head really loud. And all it wanted to do was get the hell out of here. Hindi niya alam, but something or someone was triggering her fear.

"I'm sorry."

"It's okay, sweetie," sabi ni Tita Elvi. She reached across the table and patted her hand. "Kumain ka

na. I'm sure magugustuhan mo iyang mga pagkaing pinahanda ko. Panay Pinoy food ang mga iyan para sa 'yo."

Nagsimula siyang kumain ngunit wala siyang malasahan sa mga pagkaing isinusubo niya. Hindi rin niya magawang tumingin sa binatang katabi niya. Hindi niya alam kung na-offend ito dahil sa inasal niya kanina. Gusto niyang humingi ng dispensa, pero ayaw naman niyang magpaliwanag kung bakit ganoon ang ikinilos niya.

Nilunok ni Ayessa ang dispensa kasabay ng pagkain. Kailangan pa niyang uminom ng orange juice para lamang malunok iyon. Ubos na ang laman ng baso niya bago niya ibinaba iyon.

"Gusto mo pa?" mahinang tanong ni Aidan. Nang tingnan niya ito, itinuro nito ang baso niyang wala nang laman.

"Yes, please," sagot niya. Iniabot nito sa kanya ang pitsel na naglalaman ng inumin sa halip na lagyan ang baso niya. Nakadama siya ng ginhawa. It meant he forgave her kahit pa hindi pa siya humihingi ng dispensa rito. "Thank you."

3

"What the hell was that?" naguguluhang tanong ni Aidan sa kanyang kapatid habang nakatayo sa malapit sa pinto. Sinundan niya ito nang magpaalam itong aakyat ng kuwarto at magbibihis." What just happened down there?"

Bumuntong-hininga si Mia. "Natakot kasi siya, Kuya. Nakita niyang ganoon din asikasuhin ni Dad si Mommy at marahil naisip niyang tinatrato mo siyang parang girlfriend. Kaya siya nag-panic," paliwanag nito. Kumuha ito ng bestida sa cabinet at inilapag iyon sa kama. "Sasabihan sana kitang maghinay-hinay ka lang kaso isang buwan lang siya dito."

"Sa isip ko, girlfriend ko na siya," amin niyang sinuklay ng mga daliri ang buhok. "Just my luck to fall in love with a very difficult woman."

Natawa ang kapatid sa sinabi niya. Nilapitan siya nito saka tinapik sa balikat.

"Kung makakagaan sa loob mo, Ayessa is worth it," sabi nito habang patuloy siyang tinatapik sa balikat. "At saka alam kong may nararamdaman din si Ayessa. Dahil kung wala, bakit siya nag-react nang

gan'on sa 'yo? Ngayon ko pa lamang siya nakitang umakto nang gan'on."

"Well, that's something," he grunted. But he couldn't help feeling frustrated. Gusto na niyang umpisahan ang buhay kasama ang dalaga. But he supposed he didn't really have a choice. Kung gusto niyang maangkin ito, kailangan niyang magtiyaga. To battle her demons and fear so that they could have a future together.

"True. And you can keep working on it. Tuloy pa rin ang plano natin. Iwanan namin kayong dalawa. Mamayang gabi ay yayayain ko si Vincent para may rason kang sumama sa amin. Work your magic then, brother."

"Good. Pero saka mo na sabihin pag paalis na tayo, baka bigla siyang mag-back-out." At sigurado siyang aatras si Ayessa kapag nakita nitong kasama siya.

"Akala ko tayo lang dalawa ang lalakad ngayon?" pabulong na tanong niya para hindi marinig ng kapatid nitong nasa likod ng manibela.

"Vincent called too late. At sinabi niyang gusto niyang sumama. Ayoko namang maging third wheel

ang pakiramdam mo kaya niyaya ko si Kuya. Buti nga pumayag, para naman may kapareha ka," kampanteng sagot ni Mia. Masyadong inosente ang tinig nito.

Naningkit ang mga mata ni Ayessa at pilit binabasa kung may iba pa bang motibo ang kanyang kaibigan. Sinalubong nito ang titig niya. Pagkatapos ng ilang minuto ay sumuko rin siya.

"Gusto ko lang linawin sa 'yo, hindi ito date. Hindi ako nakikipag-date, naiintindihan mo?" paglilinaw niya. Mabuti na ang maliwanag na usapan.

"Alam ko, pero hayaan mong alagaan ka ni Kuya."

Hayan na naman ang salitang iyon, alagaan. Hindi talaga niya gusto kapag lumalabas iyon sa bibig ni Mia.

"Saan tayo?" tanong ni Aidan.

"Sa *Nobu* tayo, Kuya. Vincent will meet us there," sagot ni Mia.

Pagkatapos nilang kumain, nagyaya si Vincent na mag-inuman sila. Humantong sila sa isang videoke bar. Aidan sat next to Ayessa. She was flushed, actually. Tila sinadya silang pagdikitin ng kaibigan niya.

"Ayessa, pumili ka na ng kanta," sabi ni Vincent matapos nitong tingnan ang numero ng paborito nitong kanta sa videoke. Iniaabot nito ang songbook sa kanya.

"Oh, hindi ako marunong kumanta." Mabilis niyang itinulak palayo ang libro sa harap niya. Ayaw niyang marinig ng mga ito ang boses niya, lalo na si Aidan. Parang ipoipo ang boses niya kapag kumakanta siya. Baka mailipad silang lahat kapag umawit siya. "Kayo na lang ang kumanta, makikinig na lang ako. Baka magkaroon pa ng national disaster kapag kumanta ako."

Tumawa si Mia at kinuha ang songbook. Ibinigay iyon sa kapatid nito.

"Sing for her, Kuya. Tutal ikaw naman ang pair niya," utos nito.

Kumindat naman si Vincent sa binata habang matalim niyang sinulyapan ang kanyang kaibigan. Ngumisi lang ito sa kanya. Sinabi na nga ba niya, iba ang agenda nito. Kakalbuhin niya talaga si Mia mamayang pag-uwi nila.

"Okay." Game namang inabot ni Aidan ang songbook na iniaabot dito ng kapatid. He chose the song sung by Adam Sandler, *I Wanna Grow Old with*

You. "Pasensya ka na. Pagbigyan na lang natin sila para hindi na nila tayo kulitin. Isang beses lang 'tapos iignorahin na tayo ng mga 'yan," bulong nito.

Medyo lumayo siya rito dahil nakikiliti siya sa mainit na hininga nitong dumadampi sa tainga niya.

"Tingin mo ba, hahayaan na lang nila tayo?" bulong din niya.

Tumango ito. "Here..." Iniabot nito ang songbook sa kanya. "Tumingin ka ng paborito mong kanta. Sabihin mo sa akin, kakantahin ko para sa 'yo. Basta alam ko 'yong kanta, ah."

"Hindi ako mahilig sa music. But I like Miley Cyrus' song, *The Climb*. Alam mo ba 'yon?" Natawa siya nang mapangiwi ito.

"Naririnig ko pero hindi ko kabisado. Mas gusto ko 'yong mga lumang kanta. Mas may sense kasi ang mga iyon para sa akin." Uminom ito ng beer.

Ayessa watched the movement of his throat. Napatutok ang tingin niya sa pagtaas-baba ng Adam's apple nito. Hindi niya alam kung bakit, but she found his neck sexy. Lalaking-lalaki ang leeg nito.

"Kung iniisip mong kagatin ako, sasabihin ko sa 'yo baka ma-addict ka sa dugo ko. Masarap ako."

"Yeah, kung masarap nga talaga ang dugo mo, bakit wala pang mga aswang ang sumipsip sa dugo mo?" Nakisakay na lang siya sa biro nito.

"Baka ayaw nila sa akin. Hindi maganda ang taste nila. Ikaw, magaling kang pumili." Kumindat ito sa kanya bago ikiniling ang ulo, exposing his jugular vein.

Humalakhak si Ayessa. "Baka chikinini ang maibigay ko sa 'yo sa halip na kagat ng aswang," nakatawang sabi niya.

His eyes flared. Oops, wrong thing to say! Baka isipin nitong nilalandi niya ito.

"Kuya, kanta mo na ang nakasalang. Mamaya na kayo maglambingan, kumanta ka muna."

Thank God for the interruption. Hindi alam ni Ayessa kung ano ang nangyari; she said the wrong thing and suddenly, the air between Aidan and her started to sizzle. Electric current buzzed between them. And she didn't know how to deal with it. Her blood came alive, and also her fear reared its ugly head. Bigla tuloy siyang nalito sa nararamdaman.

"Ayessa, nakikinig ka ba?" Iwinagayway ni Mia ang kamay nito sa harap ng mukha niya. Napakurap siya.

"Sorry, ano'ng sinabi mo?" tila lasing na tanong niya.

"S'abi ko pakinggan mo si Kuya habang kumakanta. This song is for you. At magaling kumanta ang kapatid kong ito. Just listen."

Aidan started singing. Nalaglag ang panga niya. Hindi lang nagyayabang si Mia, maganda talaga ang boses ng binata. She just sat there with her mouth opened and watched him, hypnotized by him. When he got to the part that said, *Oh, I could be the man that grows old with you,* he looked at her and held her gaze. And she had the sudden feeling that the song was really meant for her, every word of it. And Aidan meant it.

No, it can't be! tanggi ng isip niya. Hindi pa siya masyadong kilala ng binata. Hindi niya ito binigyan ng rason para mahalin siya. Wait, hindi naman nito sinabing mahal siya, di ba? Or was that the same thing? Wanting to spend the rest of your life with someone. She must be mistaken. All supposition, she tried to tell herself but her mind wouldn't listen.

Panic attack. Bigla, para siyang nahirapang huminga. Tila naubos ang hangin sa loob ng silid na kinaroroonan nila and her lungs started to hurt. Tumayo siya. Kailangan niyang lumabas, lumayo sa

binata.

"Ayessa? Ano'ng problema?" nag-aalalang tanong ni Aidan. Na lalo lamang gumatong sa panic niya. "Ayos ka lang ba? Gusto mo na bang umuwi? Ihahatid na kita."

Umiling lang ang dalaga, hindi makapagsalita. She wanted to go home, but she didn't want to be near him as well. Pero ayaw naman niyang sabihin iyon sa mismong harap nito.

"Okay lang ako. Lalabas lang ako sandali, kailangan ko lang sumagap ng sariwang hangin," kapos sa hiningang wika niya.

"Sasamahan kita."

"No," mabilis niyang tanggi, nanlalaki ang kanyang mga mata. Nakita niya ang pagkalat ng pag-aalala sa mukha ng kanyang kaibigan. Akmang tatayo ito para lumapit sa kanya, pero itinaas niya ang kamay. "Mia, stay. Hindi ako lalayo, diyan lang ako sa labas. Mag-enjoy kayong tatlo, ayos lang ako."

Hindi na niya hinintay ang isasagot nito. Hinablot niya ang shoulder bag sa upuan at mabilis na lumabas. Her heart thumping like crazy.

"Shit!" Napamura si Aidan habang sinusundan ng tingin ang palabas na dalaga.

Everything started smoothly. Naramdaman niya ang pagbaba ng depensa nito and he started to take advantage of that para mas lalong mapalapit dito. Hanggang sa hindi niya napigilan ang sarili at tumitig sa mukha nito habang kumakanta.

In his mind, he saw them together. Growing old together at hindi sinasadyang iyon ang naiparating niya kay Ayessa. And in that instant, he saw fear and confusion marred her beautiful face.

Humakbang siya para sundan ito, pero nahawakan ni Mia ang braso niya. He looked at her.

"Hayaan mo muna siya, Kuya. Bigyan mo siya ng space. Ang magagawa mo na lang ay hintayin siya. Hayaan mo siyang labanan ang takot niya ngayon. Kailangan niyang gawin iyon. Kapag handa na siyang humingi ng tulong sa 'yo then go. Sa ngayon, hayaan na lang muna natin siya," payo nito.

"Damn!" He knew that but logic faded when his instinct was screaming for him to go with his woman.

"Tama si Mia. Hayaan mo muna siya," sabad ni Vincent. Seryoso ang mukha nitong nakatingin sa kanilang magkapatid. "Here, uminom ka muna."

"Gusto ko siyang yakapin at ikulong sa mga bisig ko para hindi na siya masaktan pa."

"Alam namin," sagot ni Vincent.

"Matatakot lang siya kapag ginawa mo iyon. Bigyan mo lang siya ng panahong masanay sa 'yo, Kuya."

Uminom lang siya ng beer sa halip na sumagot. He swallowed the swear word that wanted to come out of his mouth.

Naupo si Aidan at tumitig sa screen ng videoke kahit na hindi niya nakikita ang mga lyrics na lumalabas doon. In his mind, he saw Ayessa's face before she bolted. She was actually enjoying herself until his idiocy cut in. Gusto na naman tuloy niyang mapamura.

Time passed by without him noticing. Naririnig niyang nag-uusap at kumakanta ang dalawang kasama, pero wala siyang naiintindihan. He perked up when he saw Ayessa came back to the room.

"Kuya, sayaw tayo!"

Nagulat siya nang bigla na lamang siyang hilahin ng kapatid niya. Hinila siya nito at pilit na pinapasayaw.

Natawa siya. “Hindi ako sumasayaw.”

“Alam mo ito. Nakita kita noong sumasayaw sa kuwarto mo. Ayessa, panoorin mo si Kuya. Talented ’to.”

Narinig niya ang tawa ng dalaga. And that motivated him to dance. Noon lang niya narinig ang kantang pinatugtog ng mga ito, *Otso-otso* ni Bayani Agbayani. Now he’s f*ck.

“Go, Kuya! Kaya mo ’yan!” Mia cheered habang si Vincent ang kumakanta. Sinasabayan din siya ng mga itong sumayaw.

“Kung sasayaw ako, dapat sumayaw ka rin,” sabi niya. Nilapitan niya si Ayessa at hinila rin patayo. “Sumayaw tayong dalawa.”

“Hindi ako marunong sumayaw,” natatawang sabi nito. Pero hindi ito naupo, tumayo lang sa tabi niya at pinanood siya.

“Oh, c’mon, Ayie! You’re good at dancing,” sabad ni Mia. She wiggled her body. Dinunggol nito sa pang-upo ang kaibigan. “C’mon, baby, dance with me.”

And then to Aidan’s surprise, sumayaw nga ang dalaga. She started with a shy move, then she let her body do its thing. Tumingin ito sa kanya at saka

nahihiyang ngumiti. Ngumiti rin siya.

"Grabe, nakakapagod!" reklamo ni Mia. Paano kasi ay bigay-todo itong sumayaw. "Next, *Spaghetti* naman tayo."

"Hon, nakakabakla naman 'yang sayaw na gusto mo," angal ni Vincent.

"Here, pinapalitan ko 'yang inumin mo. Medyo maligamgam na kasi 'yong isa kanina." Ibinigay ni Aidan kay Mia ang bote ng beer saka siya uminom sa sariling beer.

"Thanks."

"Aww, man! Aidan, pare, pigilan mo ang kapatid mo. Gusto niya tayong sumayaw ng *Spaghetti* dance. Shit, okay lang sa akin kung ala-*Magic Mike* ang sayaw, hindi ganyan." Puno ng pagkahindik ang mukha ng binata.

Hagalpak naman sila ng tawa.

"Ah, basta iyan ang gusto ko. Come, Ayessa, tayo ang sumayaw. You two, sit back and watch us ladies."

Atubiling tumayo ang dalaga. Nagsimula na ang intro ng kanta habang hawak ni Mia ang microphone. And then, the two woman started moving, tila na-choreograph ang galaw ng mga ito. Mia moved in

front of Vincent habang itinutulak nito si Ayessa sa harap niya. At doon gumiling-giling ang dalaga.

Bigla yatang tumaas ang blood pressure niya. At si little Aidan ay biglang nagkainteres. Damn! This was one sensual experience. Nagtaka pa siya kung bakit pumayag si Ayessa na gawin ito. Shit, he was afraid to look at her eyes, baka mabasa nito ang pagnanasang sigurado siyang nakasalamin sa mga mata niya.

Nag-iwas siya ng paningin at naglanding ang mga mata niya sa kapatid at kasintahan.

"Ah, ito yata 'yong isang experience na hindi dapat makita ng isang kuya," sabi niya kay Vincent. Ngumiti ito, nakuha ang ibig niyang sabihin.

"Deal with it, my man," nakangisi nitong sabi.

"Kapag hinawakan mo ang kapatid ko baka masuntok kita," babala niya.

"Kuya!" hindik na saway ni Mia, narinig ang usapan nila ng kasintahan nito.

"Ano? Baby sister kita, anong in-expect mo?" nakataas ang kilay na tanong niya.

Tumawa si Ayessa na tumigil sa pagsayaw at naupo sa tabi niya. Inabot nito ang bote ng beer at

tinungga iyon.

Nilingon ito ng binata. He watched her throat move as she swallowed the liquid at hayun na naman, his temperature spiked up, the fly of his jeans straining because of his erection. Umayos siya ng upo para medyo lumuwag iyon.

"This is fun. Ulitin natin sa susunod," sabi ng dalaga, puno ng kasiyahan ang tinig.

And damn if he didn't forget all his other worries. Ang kaligayahan lang nito ang iniisip niya.

"Actually, pinag-uusapan namin na magpunta ng Boracay. S'abi ni Mia hindi ka pa daw nakakapunta doon. Ano sa tingin mo?"

Agad itong tumango. "Okay, kailan tayo pupunta?"

"Mga dalawang araw pa. Ipapa-clear ko muna ang kalendaryo ko sa assistant ko. 'Tapos puwede na tayong bumiyahe sa Boracay."